Department of Education
**Bureau of Secondary Education**
CURRICULUM DEVELOPMENT DIVISION
**Meralco Ave., Pasig City**

# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

## FILIPINO 1

# *Modyul 16*

## *Pagtsulat ng Anekdota*

# Modyul 16
# Pagsulat ng Anekdota



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Kumusta ka, kaibigan?

Matagumpay mo bang napag-aralan ang mga naunang modyul? Nasagot mo ba nang buong husay ang mga tanong? Mataas ba ang markang nakuha mo sa pagsusulit?

Magaling kung ganoon! Magsaya ka sapagkat napatunayan mo sa iyong sarili na kaya mong mag-aral mag-isa.

Itinatanong mo kung bakit masaya ang salitang nababasa mo? Mangyari, inihahanda lang kita dito sa modyul na pag-aaralan mo. Kung sa mga naunang modyul ay naging seryoso ka habang binabasa mo ang mga aralin, sa modyul na ito ay medyo mapapangiti ka sapagkat di-seryoso ang mababasa mong teksto.

Nais mong malaman kung bakit? Simple lang ang aking maisasagot.. Ang pagkadi-seryoso ng mababasa mong teksto ay isa sa mga katangian ng bagong akda na matututuhan mo. Ang tawag dito'y **anekdota**. Ngayon mo lang narinig ang salitang ito? Alam mo ba kung paano ito isinusulat? Mangyari, ang aralin sa modyul na ito ay nauukol sa pagsulat ng anekdota.

Uulitin ko, ang modyul na ito ay nauukol sa pagsulat ng anekdota kaya't mahalagang mabasa mo ang kabuuan ng mga aralin.

Bilang paghahanda sa pagkatuto mo sa tatalakaying paksa at para lubusang magkaroon ka ng kaalaman sa kahulugan, mga elemento at ang wastong paraan ng pagsulat ng anekdota ay ipinaaalam ko sa iyo ang nilalaman ng modyul na ito:

Ang kabuuan ng modyul ay binubuo ng tatlong sub-aralin.

Ang sub-aralin 1 ay nauukol sa iba't ibang mga birong katawa-tawa, na nagiging bahagi ng iyong karanasan. Maaaring ang mga birong mababasa mo rito ay nabasa mo o narinig mo na. Maaari rin namang ikaw ang nagkuwento. Hindi ba't naaaliw ka sa mga birong katawa-tawa na iyong nababasa, naririnig at naikukuwento?

Ang sub-aralin 2 naman ay nauukol sa araling nagbibigay-kahulugan sa anekdota at sa mga katangian nito. Makababasa ka ng mga piling anekdota ng mga kilalang tao. Malalaman mong pati pala mga bayani ng bansa ay may mga anekdota rin.

Ang huling aralin, sub-aralin 3 ay nauukol sa paraan ng pagsulat ng anekdota. Malalaman mo kung paano isinusulat ang anekdota at sasagutin ang mga tanong mo kung paano sinisimulan, inoorganisa ang nilalaman, at winawakasan ang pagsulat nito.

Handa ka na ba, kaibigan?



## *Ano ang matututunan mo?*

Nakasisiyang mabatid na interesado kang malaman ang mga bagay-bagay ukol sa pagsulat ng anekdota. Ngunit ito'y hindi pa sapat upang masabing ganap mong mauunawaan ang kabuuan ng aralin. Higit na mahalagang malinang mo ang mga kasanayang nakapaloob dito.

Sa modyul na ito, inaaasahan kong magagawa mo ang mga sumusunod:


1. Naipakikita ang pagkamalikhain at pagkamasining sa pasulat na komunikasyon

2. Nagagamit ang sariling istilo sa pagbuo ng magandang simula, maayos na pagpapalawak, at makabuluhang wakas

3. Nasusunod ang mga tiyak na pamantayan sa pagsulat batay sa nilalaman at sangkap

4. Naipakikita ang pagiging malikhain sa pamamagitan ng pagsulat ng anekdota – sariling anekdota at anekdota ng ibang tao

Naramihan ka ba sa mga gawain na inaasahan kong mapagtatagumpayan mong tapusin? Huwag kang masiraan ng loob, kaibigan. Alam kong kayang-kaya mo iyan.



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Gaya nang nasabi ko na, marami kang matututunan sa modyul na ito. Bukod dito, magiging madali para sa iyo ang lahat ng mga aralin at gawain kung susundin mo ang mga tuntunin sa ibaba na magsisilbing gabay mo sa iyong pag-aaral.

Basahin mo at unawaing mabuti.

1. Una sa lahat, ingatan mo ang modyul na ito. Huwag mo itong susulatan. Gumamit ka ng hiwalay na sagutang papel sa pagsagot mo sa mga pagsusulit.


2. Sagutin mo muna ang Panimulang Pagsusulit. Ito ay ang panimulang hakbang upang masukat at matiyak ang dati mong kaalaman sa paksang ating tatalakayin,

3. Iwasto mo ang iyong sagot. Kunin mo sa guro ang Susi ng Pagwawasto. Maging matapat ka lamang sa pagwawasto. Huwag kang mag-aalala kung mababa ang markang nakuha mo. May mga inihanda akong mga gawain at iba pang pagsasanay na tiyak kong makatutulong sa iyo.

4. Basahin at unawain mong mabuti ang mga teksto bago mo sagutin ang mga gawaing kaugnay nito. Unawain mo ring mabuti ang mga panuto dahil malaki ang maitutulong nito sa iyo upang maging madali ang pagsagot sa mga gawain.

5. Sagutin mo agad ang Pangwakas na Pagsusulit upang matiyak mo kung natutuhan mo ang aralin. Kunin mong muli sa guro ang Susi sa Pagwawasto. Muli, maging matapat ka sa pagwawasto.

6. Bigyang-halaga mo sana ang modyul na ito, kaibigan. Sikapin mong sagutin ang mga gawaing inihanda ko katulad ng pagsisikap ko na ikaw ay matulungang matuto.



## *Ano na ba ang alam mo?*

Alamin muna natin kung kailangan mo pa ang modyul na ito. Kumuha ka ng sagutang papel at simulan mo ang pagsagot sa panimulang pagsusulit.

A. Tapusin ang pangungusap sa bawat bilang sa pamamagitan ng pagsulat sa titik ng salitang bubuo sa pangungusap sa sagutang papel.

1. Ang pagpapalitan ng mga pahayag sa masayang paraan na kasingkahulugan ng panunudyo ay ang _______________.
   A. pamimintas. C. pagbibiro.
   B. pamumuna. D. pagtuligsa.

2. Ang uri ng birong dapat iwasan ay ang birong _____________.
   A. nakakatakot. C. nagpapalalim ng kaisipan.
   B. nagkakatotoo. D. maaanghang.

3. May batas na ngayong nagpaparusa sa pagbibiro at pananakit ng damdamin sa mga taong may _____________.
   A. sakit. C. kapansanan.
   B. problema D. katungkulan sa pamahalaan.

4. Ang anekdota ay kuwentong naglalarawan sa isang taong __________.
   A. nakatapos ng pag-aaral. C. nasa pamahalaan.
   B. kilala. D. nakapaglakbay.

5. Ang mga pangyayari sa anekdota ay maikli, kawili-wili at __________.
   A. nakalilibang.
   B. nakaiinip.
   C. nakalalakas ng loob.
   D. nakapananabik.

6. Ang anekdota ay bahagi ng ____________.
   A. alamat.
   B. kuwentong bayan.
   C. epiko.
   D. talambuhay.

7. Tulad ng pabula, ang wakas ng anekdota ay ____________.

   A. nag-iiwan ng kakintalan o impresyon.
   B. nagwawagi ang pangunahing tauhan.
   C. nalulutas ang problema ng pangunahing tauhan.
   D. nag-iiwan ng aral.

8. Mayaman sa guniguni ang anekdota bilang isang akdang ___________.
   A. panteknikal.
   B. pansyentifiko.
   C. pampanitikan.
   D. pansosyo-politikal.

9. Ang anekdota ay nagbibigay-buhay sa matamlay na ____________.
   A. paksa.
   B. pangyayari.
   C. aksyon ng mga tauhan.
   D. usapan ng mga tauhan.

10. Kailangang maisalaysay o maisulat ang anekdota sa paraang ____________.
    A. maikli.
    B. maligoy.
    C. mabulaklak ang mga pahayag.
    D. limitado ang talasalitaan.

B. Basahin ang anekdota. Sagutin ang mga tanong sa pamamagitan ng pagsulat ng titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

ANG TSINELAS NI PEPE
(Anekdota ni Jose Rizal)

Isang araw, sumama si Pepe sa kanyang ama sa pamamangka sa ilog. Gustung-gusto ni Pepe ang pamamangka dahil bukod sa nalilibang siya ay nagugustuhan niyang pagmasdan ang mga nagtataasang mga puno at naggagandahang mga halaman at bulaklak. Nagugustuhan din niyang pagmasdan ang napakalinis at napakalinaw na ilog. Kaya't habang nagsasagwan ang kanyang ama ay abala naman siya sa katitingin sa ilog. Ginagawa niya itong salamin upang makita ang kanyang mukha. Iba't ibang ayos ang ginagawa niya sa kanyang mukha. Minsa'y idinidilat niya ang kanyang mga mata o di kaya naman kaya ay pinalalaki niya ang kanyang bibig. Gustung-gusto rin niyang nakikita ang iba't ibang ibon na nagpapahinga sa kanilang mga pugad. Napapalakpak siya sa tuwing siya'y makakakita ng mga ibong sabay-sabay na lumilipad.

Sa bandang likuran ng bangka laging umuupo si Pepe. Nakataas ang kanyang mga paa sa malapad na kahoy na inuupan ng kanyang ama.

Ang paghanga ni Pepe sa sama-samang paglipad ng mga ibon ay kanyang pinapalakpakan.

"Yehey! Ang ganda! Sabay-sabay sila sa paglipad!" sabi ni Pepe habang siya'y walang tigil sa pagpalakpak.

"Pepe, huwag kang malikot. Baka lumubog ang bangka," paalala ng kanyang ama.

"Dinaramdam ko po, Ama. Labis po kasi akong nagandahan sa nakita ko," sabi ni Pepe.

Muli na namang nakakita si Pepe ng mga ibong sabay-sabay na limilipad. Hindi niya napigilan ang pagpalakpak. Kasabay ng kanyang pagpalakpak ay napakislot ang kanyang kanang paa. Hindi niya inaasahang mahuhulog ang isa niyang tsinelas.

"Ama, nahulog po ang aking isang tsinelas," sabi ni Pepe.

"Huwag kang mag-alala. Ibabalik ko ang bangka para kunin ang tsinelas mo," sabi ng kanyang ama.

Sa halip na sumang-ayon ay itinapon ni Pepe ang kabyak ng tsinelas.

"O, bakit mo itinapon ang kabyak ng tsinelas?" tanong ng kanyang ama.

"Para po pakinabangan ng makakakuha. Hindi po kasi niya magagamit ang isang tsinelas lamang," sagot ni Pepe.

Natawa ang ama ni Pepe. Ipinagpatuloy niya ang pagsagwan habang tuwang-tuwang pinapanood ni Pepe ang nagliliparang mga ibon.

1. Sinong Pepe ang tinutukoy sa anekdota?
   A. Jose Rizal
   B. Jose Corazon de Jesus
   C. Jose Burgos
   D. Jose dela Cruz

2. Kanino sumama si Pepe?
   A. Sa kanyang ama.
   B. Sa kanyang kapatid.
   C. Sa kanyang guro.
   D. Sa kanyang kaibigan.

3. Saan naganap ang kuwento?
   A. Sa parke.
   B. Sa pamilihan.
   C. Sa bakuran.
   D. Sa ilog.

4. Paano nagsimula ang kuwento?
    A. Sumama si Pepe sa kanyang ama na mamangka sa ilog.
    B. Nakataas ang mga paa ni Pepe sa kahoy na upuan ng kanyang ama.
    C. Gustung-gustong pagmasdan ni Pepe ang lumilipad na mga ibon.
    D. Habang nagsasagwan ang ama ni Pepe ay abala naman siya sa katitingin sa ilog.

5. Ano ang suliranin sa kuwento?
    A. Ang paglipad ng mga ibon.
    B. Ang pagsakay sa bangka.
    C. Ang paghulog ng tsinelas sa ilog.
    D. Ang pagsagwan sa ilog.

6. Ano ang kapana-panabik na bahagi ng kuwento?
    A. Lumipad nang sabay-sabay ang mga ibon.
    B. Nahulog ang isang tsinelas ni Pepe.
    C. Itinapon ni Pepe ang kabyak ng tsinelas.
    D. Kukunin ng ama ni Pepe ang tsinelas.

7. Aling bahagi ng kuwento ang maaaring pagtalunan?
    A. Kung isasama si Pepe ng kanyang ama sa pamamangka.
    B. Kung sabay-sabay na lilipad ang mga ibon.
    C. Kung magiging mabulaklak ang mga halaman.
    D. Kung itatapon ni Pepe ang kabyak ng tsinelas.

8. Aling bahagi ng kuwento ang kapupulutan ng aral?
    A. Ang pagtulong sa taong nangangailangan.
    B. Ang pagpapanatiling malinis ng ilog.
    C. Ang pagtanggap sa kamalian.
    D. Ang pagiging mapagkumbaba.

9. Ano ang naging wakas ng kuwento?
    A. Hinangaan si Pepe ng kanyang ama.
    B. Nagtampo kay Pepe ang kanyang ama.
    C. Lumubog ang bangka.
    D. Hindi na makalipad ang mga ibon.

10. Alin sa mga katangian ng anekdota ang taglay ng kuwento?
    A. Maikli.
    B. Kawili-wili.
    C. May aral.
    D. Lahat ng sagot.

C. Tapusin ang pangungusap sa bawat bilang sa pamamagitan ng pagsulat ng <u>titik</u> ng salitang bubuo sa pangungusap.

1. Sa pagsulat ng anekdota, ang unang dapat pagtuunan ng pansin ng manunulat ay ang pagpili sa taong ___________.
   A. may kapansanan. C. nasa hustong edad.
   B. kilala. D. kabilang sa mataas na lipunan.

2. Makakakuha ng informasyon ang manunulat sa buhay ng taong susulatin sa tulong ng _____________.
   A. alamat. C. pabula.
   B. kuwentong-bayan. D. talambuhay.

3. Ang paksa ng susulating anekdota ay dapat nakafocus sa __________.
   A. katawa-tawang pangyayari. C. suliranin ng pangunahing tauhan.
   B. makatawag-pansing simula. D. malungkot na wakas.

4. Kung susulatin ang panimula ng anekdota, ito'y dapat na ___________.
   A. maikli. C. pasalaysay.
   B. patanong. D. nasa unang panauhan.

5. Sa panimulang talata pa lamang ay dapat nang ipinakikilala ang ____________.
   A. pangunahing tauhan. C. aral.
   B. katulong na tauhan. D. suliranin.

6. Ang simula ng banghay ay kadalasang isinusulat sa _____________.
   A. unang talata. C. pangatlong talata.
   B. pangalawang talata. D. huling talata.

7. Ang tunggalian ay isinusulat sa pagitan ng suliranin at __________.
   A. simula ng banghay. C. katawa-tawang bahagi.
   B. kasukdulan. D. wakas.

8. Ang kasukdulan ay isinusulat bago isulat ang __________.
   A. tunggalian. C. aral.
   B. katawa-tawang bahagi. D. wakas.

9. Ang wakas ng anekdota ay isinusulat pagkatapos mailahad ang _______.
   A. solusyon sa problema. C. kasukdulan.
   B. tunggalian. D. aral.

10. Sa pagsulat ng sariling anekdota, dapat itong maglantad ng __________.
   A. kalakasan. C. katotohanan.
   B. kahinaan . D. kapalaran.

# Mga Gawain sa Pagkatuto

Sub-Aralin 1:

## Mga Birong Malilinis, Hindi Nakakainis!


Bago ka makabasa ng anekdota ay kailangang maihanda mo muna ang iyong sarili sa mga kuwentong nakaaaliw o nakatatawa. Isa sa mga kuwentong ito ay ang mga biro. Alam kong may alam ka ng mga biro na maaaring iyong nabasa, narinig o naikuwento. Magkapareho kasi ang layunin ng anekdota at ng biro, ang magbigay-aliw sa mga tagapakinig at / o bumabasa.

Dahil dito, layunin ng araling ito ang mga sumusunod:

1. nabibigyang-kahulugan ang tekstong nakaaaliw at / o nakatatawa
2. npaghahambing ang mga birong nakaaaliw at nakasasakit ng damdamin
3. nasasabi ang aral at / o kaisipang nakapaloob sa biro

**Alamin**

Pagmasdan mong mabuti ang mga nakalarawang mukha. Lagyan mo ng tsek ( / ) ang patlang na naglalarawan sa iyong sarili.



__ malungkot  __ masaya  __ galit  __ takot

Mula sa mga katangiang ito, pumili ka ng bilang at tapusin mo ang pangungusap:

1. Dahil sa biro mo, malungkot ako kasi ___________________________.
2. Dahil sa biro mo, masaya ako dahil ______________________________.
3. Dahil sa biro mo, galit ako sapagkat _____________________________.
4. Dahil sa biro mo, takot ako kasi ________________________________.

Mula sa mga pahayag na ito, agad mong maiiisip na hindi lahat ng biro ay masaya. May biro ring nakapagpapalungkot o nakapagpapagalit. Batay sa isinagot mo sa gawain sa itaas, malalaman mo kung anong biro ang ikukuwento ko sa iyo. Handa ka na ba?

**Linangin**

Narito ang ilang mga biro sa isang usapan na madalas mong mabasa o marinig. Naibiro mo na rin ba ang mga ito? Sige, simulan mo nang basahin.

**Biro 1: Mag-aral ng Niponggo**

Bagong dating si Brienz mula sa isang buwang pagbabakasyon sa Japan. Masayang ibinalita niya sa kanyang kaibigang si Mark Terry ang kanyang mga naging karanasan.

"Nagustuhan ko na ang mga pagkaing Hapon kahit di-gaanong luto," sabi ni Brienz. "At marami na akong natutuhan sa wikang Niponggo."

"Talaga? Sampol naman," hiling ni Mark Terry.

"Sige, magbigay ka ng pangungusap sa Ingles at isasalin ko sa Filipino," hamon ni Brienz.

"*Is this your property?*" tanong ni Mark Terry.

"Arimoto?" sagot ni Brienz.

"Gano'n ba 'yon? Parang Filipino." Puna ni Mark Terry. "Halimbawa naman pag-aari ko ang lote't bahay na ito. Paano mo isasalin sa Niponggo 'yung *This is my property. Is this yours? This is mine*."

"Arikoto. Sayobato? Sakinitu." mabilis na sagot ni Brienz.

"Niponggo ba 'yun? Parang Filipino talaga," sabi ni Mark Terry.

"Ano ang pagkakaiba ng *Is this your car?* sa *Is this my car?* Huwag mong sabihing tunog-Filipino rin 'yun."

"Otomoto? Otokoto?" sagot ni Brienz.

"Nilololoko mo yata ako, eh. Alam mo, kahit hindi ako nagpunta ng Japan, mayroon din akong alam na mga salitang Niponggo. May textmate akong galing ng Japan na nagturo sa akin," sabi ni Mark Terry.

"Ow, sige nga," sabi ni Brienz.

"*You haven't washed your face*. Ano sa Niponggo 'yun?" tanong ni Mark Terry.

"Naku, hindi ko napag-aralan 'yan," sagot ni Brienz. "Sirit na. Ano 'yon sa Niponggo?"

"Mimutamatamo," sagot ni Mark Terry.
"Gumanti ka, ha?" sabi ni Brienz.

## Biro 2: Iba't Ibang Bansa

Sa campus, nagpapalitan ng tanong ang mga estudyante upang malaman kung gaano sila kahusay sa heograpiya.

"Ang sinumang unang makasagot sa tanong ay siya naman ang magtatanong. Simulan ko, ha? Anong bansa ang hindi sa iyo?" tanong ni Jennifer.

"Kenya," mabilis na sagot ni Edna. "Anong bansa ang umaawit ng apat na ulit?"

"Singapore," sagot ni Elizabeth. "Anong bansa ang nakagapos?"

"Meron bang ganoon?" tanong ni Sotero.

"Meron. Isip-isip!" sabi ni Elizabeth. "Sirit na?"

"Sige, sirit na," sabi ni Sotero.

"Italy," sagot ni Elizabeth. "Walang nakasagot kaya ako uli ang magtatanong. Anong bansa ang nagmamadali?"

"Russia," sagot ni Sotero.

"Magaling! Sige, magtanong ka," sabi ni Jennifer.

"Dadalawahin ko na ang tanong. Anong bansa ang tinutukso at anong bansa ang maanghang?" tanong ni Sotero.

Walang sumagot.

"Hindi n'yo alam? Ang bansang tinutukso ay Cuba at ang bansang maanghang ay Chile."

"Oo nga, ano?" sabi ni Jennifer.

Tiningnan ni Edna ang relo.

"Nakaaaliw ang mga biro, ano? Sayang, taym na. Pumasok na tayo," aya ni Edna.

## Biro 3: Mga Tanong na Bakit

Likas sa mga bata ang palatanong. Si Sophia Irish, limang taong gulang, ay isa sa mga batang ito. Laging nagsisimula sa ***bakit*** ang kanyang mga itinatanong. Nakakaaliw naman ang nagiging sagot ng kanyang ama.

"Tatay, bakit po galit ang mais kapag nagpapatawa?" tanong ni Sophia Irish.

"Tinatawag kasi siyang Corny," sagot ng kanyang ama.

"E, bakit po naman nangingiti ang mani?" tanong ni Sophia Irish.

"Kasi, minamani lang niya ang lahat ng bagay" sagot ng kanyang ama.

"E, Tatay, bakit naman po madalas sabihin ni Mommy na battered wife siya?" muling tanong ni Sophia Irish.

"Kasi, tuwing umaga ay butter ang palaman niya sa tinapay," sagot ng kanyang ama.

"Isang tanong na lang po, Tatay," hiling ni Sophia Irish. "Bakit po nakayuko ang baboy kapag naglalakad?"

"Aba, dapat lang. Kasi, nahihiya dahil baboy siya," sagot ng kanyang ama.

Natawa ka ba sa mga birong nabasa mo, kaibigan? Siguro ay naaliw ka, ano?

Bawat biro na iyong binasa ay may damdaming pinupukaw sa bumabasa. Mayroong nakakalungkot, nakakatawa, nakakagalit o nakakatakot.

Balikan mong muli ang mga biro. Anong pangkalahatang damdamin ang nabuo sa iyo? Natawa ka ba sa mga biro? Ako rin ay naaliw nang mabasa ko ang mga iyan.

Naranasan mo bang suriin ang ugnayan ng tanong at sagot sa mga pagkakataong hindi ka agad natawa sa biro? Syempre, di ba?

Alam kong sa BIRO 1 ay naaliw ka sa pagsasalin sa Niponggo ng mga pangungusap na Ingles. Alam ko ring nalalaman mong hindi totoong ganoon ang mga tamang salin. Hindi ba't Filipino ang naging salin ng mga nabanggit na pangungusap? Natawa ka ba sa pagkakasalin ng mga sumusunod? ***Arimoto?***, ***Otomoto?***, ***Otokoto***, ***Mimutamatamo*** atb.?

Sa BIRO 2 ay ganito ang isang tanong: Anong bansa ang umaawit ng apat na ulit?

Ang sagot na ***Singapore*** ay sinuri mo marahil nang ganito: ***<u>Sing</u> – awit, <u>pore</u> – four (apat).***

Sa tanong na "Anong bansa ang hindi sa iyo?"

Ang tamang sagot ay ***Kenya***. Ganito naman marahil ang pagkakasuri mo sa sagot na ***Kenya*** : Ang ***Kenya*** ay katunog ng ***kanya*** at ang salitang ito ay nangangahulugan ng ***hindi sa iyo.***

Nasuri mo ba ang pagkakasagot ng *Russia* sa tanong na "Anong bansa ang nagmamadali?"

Marahil, nasuri mo na kapag binabasa o binibigkas mo ang salitang ***Russia***, ang kasintunog nito ay ***rush*** + ***yeah*** = ***Russia***. At ang salin sa Filipino ng salitang ***rush*** ay ***madali o nagmamadali***.

Sa BIRO 3, nasuri mo ba ang pagkakaugnay ng mga sumusunod na salita? ***mais- corny***, ***mani – minamani***, at ***battered wife – butter***?

Basahin mo naman ngayon ang sumusunod na biro.

*Sitwasyon:*

*Mag-aaral 1: Ganda ng suot mo, parang galing sa ukay-ukay.*

*Mag-aaral 2: Salamat ha? Maganda rin ang suot mo. Saang sampayan mo naman nahablot 'yan?*

Ano ang reaksyon mo sa biro? Nainis ka ba? Natuwa? May efekto sa damdamin, ano?

**Gamitin**

Subukin mo ngang iaplay ang natutuhan mo.

A. Basahin ang biro sa bawat bilang. Isulat sa patlang ang LT kung ang biro ay nakakalungkot, TW kung nakakatawa , GT kung nakakagalit at TK kung nakakatakot.

____ 1. Cristian: Hindi mo man lang ipinaalam sa akin na ikinasal ka.
Michael: Biglaan eh.
Cristian: Maganda ba ang napangasawa mo, Pare?
Michael: Mabait siya.
Cristian: Ha? Ang tanong ko, kung maganda siya.
Michael: Me pinag-aralan, pare. Tapos ng nursing.
Cristian: Ang tanong ko kung maganda ang napangasawa mo.
Michael: Masarap siyang magluto. Huwag ka nang magtanong Pare. Kumain na lang tayo. Gutom na ako, eh.

*Ano ang nadama mo sa birong ito? Natawa ka ba o naawa kay Michael? Ano ang ibig sabihin ng mga sagot ni Michael? Ganito rin ba ang isasagot mo kapag hindi kagandahan ang mahal mo?*

___ 2. Tuesday: Birthday ko bukas. 18 na ako.
Jom: Ha? 18? Hindi halata.
Tuesday: Talaga?
Jom: Oo, mukha ka ng 30.

*Sa birong ito, tiyak na masasabi mong nainsulto si Tuesday sa tanong ni Jom. Alam mo naman na ayaw na ayaw ng mga babae na matanong ng kanilang edad, di ba? Kung sa iyo itatanong ito, maiinsulto ka rin ba? Magagalit? Bakit?*

____ 3. Apo: Lola, totoo po bang nakalilipad sina Aguiluz at Krystala?
Lola: Hindi totoo iyon. Walang taong nakalilipad. Huwag kang nagpapaniwala sa mga bagay na hindi napatutunayan ng syensya. Ay, apo, pakiabot nga ng mga bawang.
Apo: Magluluto kayo, lola?
Lola: Hindi. Isasabit ko ang mga bawang sa bintana. Halloween ngayon at baka may sumalakay na mga aswang at manananggal.

*Naaliw ka ba sa biro ni Lola?*

*Magandang magbiro si Lola sa sitwasyong nabasa mo di ba? Sa simula'y hindi niya pinaniniwalaan ang anumang paniniwalang hindi napatutunayan ng syensya. Ngunit bakit sa bandang huli'y bakit nagbago ang kanyang pananaw? Hindi ba't ito ang nakaaliw sa sitwasyong nabasa mo?*

____ 4. Alfred: Ang pag-aalaga ng girlfriend ay parang pag-aalaga ng ibon.
Jeffrey: Talaga? Bakit mo naman nasabi 'yan?
Alfred: Pag higpitan mo ang pag-aalaga, baka mamatay. Pag niluwagan mo naman, baka makalipad.
Jeffrey: Hindi ba nakita mo na ang girlfriend ko? Anong gagawin ko?
Alfred: Hayaan mo nang lumipad, pare.

*Kung ikaw si Jeffrey, magagalit ka ba kay Alfred? Siguro ay magagalit ka. Anong pangungusap ang maaaring makagalit sa iyo? Ang pangungusap na "Hayaan mo nang lumipad, pare." Nagsasaad ito ng matinding damdamin, ano?*

*Ano ang ibig sabihin ng pangungusap na ito? Iwanan o pabayaan mo na ang iyong girlfriend, di ba?*

B. Basahin mo ang biro sa bawat bilang. Tapusin mo ito sa pamamagitan ng pagsulat sa mga guhit ng dapat na maging wakas nito. Pumili ng angkop na sagot sa kahon at isulat mo sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. Martin: Lahat ng palabas sa cable, tungkol sa ulan. The Rainman. The Rainmaker. Tag-ulan sa tag-araw. Sino'ng Pipigil sa Pagpatak ng Ulan? Kaya sa programa na lang sa T.V. ang panonoorin ko.
Roman: Ano'ng panonoorin mo?
Martin: ____________________.

2. Victor: Sa nakaraang eleksyon, bakit napabalitang pati ang mga patay ay nasa voter's list?
   Riano: Kasi, sabi ni Bro. Eddie Villanueva,___________.

3. Mark: Gusto mo ba nitong ensaymada? Kaya lang, walang asukal sa ibabaw, ha?
   Ace: Okey lang. Hmm. Sarap ng ensaymada! Teka, bakit nga pala walang asukal sa ibabaw?
   Mark: Kasi, ___________________.

4. Nanay: Hay, naku. Kailan kayo tayo makakaahon sa hirap?
   Tatay: Darating na. Malapit na malapit na.
   Nanay: Paanong darating, eh hindi ka naman gumagawa ng paraan?
   Tatay: Gumagawa ako ng paraan.
   Nanay: Anong paraan?
   Tatay: ________________________.

5. Misis: Mga anak, dali, nalulon ni Bunso 'yong susi ng kuwarto ko.
   Panganay: Para 'yon lang nagpa-panic kayo. Teka, me kukunin ako.
   Misis: Ano'ng kukunin mo?
   Panganay: _______________________.

| |
|---|
| Kukunin ko iyong duplikadong susi. |
| Dinilaan ko na. |
| Weather Forecast. |
| Bangon, Pilipinas. |
| Nagbabasa ako ng classified ads. |

Ihambing mo rito ang iyong mga sagot.

1. Weather Forecast.
2. Bangon, Pilipinas.
3. Dinilaan ko na.
4. Nagbabasa ako ng classified ads.
5. Kukunin ko iyong duplikadong susi.

Nasagot mo bang lahat? Kung hindi ay basahin mong muli at suriin ang mga biro.

**Lagumin**

Mula sa araling nabasa mo ay natuklasan mong ang mga biro, bukod sa nakalilibang at nakaaaliw ay nakapaghahatid din ng mga informasyon. Bagamat karamihan sa mga biro ay katatawanan, may mga biro ring nakagagalit, nakatatakot o nakalulungkot. Ihambing mo rito ang iyong mga sagot.

Mahalagang makabasa ka ng iba't ibang uri ng biro dahil nakararagdag din ang mga ito sa pagpapayaman ng iyong mga karanasan. Dahil dito, mahalaga ring makapagkuwento ka ng mga birong bukod sa nabasa at narinig mo ay ikaw ang naging tagapagkuwento.

**Subukin**

Subukin mong sagutin ang sumusunod na pagsusulit. Isulat mo sa sagutang papel ang mga tamang sagot.

A. Lagyan ng tsek ( / ) ang patlang ng bawat bilang kung <u>TAMA</u> ang isinasaad ng pangungusap at ( x ) <u>MALI</u>. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

______ 1. Ang biro ay nakaaaliw.
______ 2. May mga birong nakakatakot, nakagagalit at nakalulungkot.
______ 3. May mga birong bunga ng sariling karanasan.
______ 4. Mahalagang makabasa ng mga biro dahil nakukuha nitong payamanin ang ating karanasan.
______ 5. Magkatulad ng layunin ang biro at ang anekdota.

B. Panuto: Basahin sa bawat bilang ang pangungusap sa Ingles mula sa mga birong nabasa mo. Isulat sa patlang ang katumbas na kahulugan nito sa Niponggo sa paraang pabiro.

_________________________ 1. Is this your property?
_________________________ 2. Is this yours?
_________________________ 3. Is this your car?
_________________________ 4. Is this my car?
_________________________ 5. You haven't washed your face.

C. Panuto: Isulat sa patlang ang nawawalang salita o lipon ng mga salita sa mga birong nabasa mo.

1. Galit ang mais kapag nagbibiro siya kasi tinatawag siyang ____________.
2. Nangingiti ang mani kasi ______________ lang niya.
3. Nakayuko ang baboy kapag naglalakad kasi nahihiya siya at ______ siya.
4. Battered husband si Daddy kasi laging ang palaman ng kinakain niyang tinapay ay _________.

SUSI SA PAGWAWASTO

A.
1. /
6. /
7. /
8. /
5. /

B.
1. Arimoto?
2. Sayobato?
3. Otomoto?
4. Otokoto?
5. Mimutamatamo.

C.
1. Corny
2. minamani
3. baboy
4. butter

Tama ba lahat ang sagot mo? Kung OO, pag-aralan mo na ang Sub-Aralin 2. Kung HINDI, pumunta ka sa **<u>Paunlarin.</u>**

**Paunlarin**

A. Dahil likas na mapagbiro ang ilan nating mga kababayan kung kaya't hindi na mabilang ang mga birong narinig o nabasa mo na, kaibigan. Narito ang mga karagdagang biro na sa palagay ko'y hindi lamang makaaaliw sa iyo kundi makadaragdag sa iyong mga kaaalaman.

1. Beth: Ayon sa Bibliya, dapat tayong mag-aral sa <u>*math*</u>.
   Terry: Saan nakasulat 'yan?
   Beth: Heto, babasahin ko: "Go forth and <u>*multiply*</u>."

Naaliw ka ba sa biro? Para maunawaan mo ang birong ito, dapat pag-ugnayin mo ang dalawang salitang nakahilig, ang <u>*math*</u> at <u>*multiply*</u>. Iba ang pagkaunawa ni Beth sa pangungusap na *"Go forth and multiply."* Naitanong mo ba sa sarili mo kung ano ang kaugnayan ng <u>*math*</u> sa <u>*multiply*</u>?

Tama ka. Ito'y ang salitang <u>*multiply*</u> dahil isa sa mga fundamental na operasyon ng matematika ay ang <u>*multiplication*</u>.

2. Pare 1: Pare, akala ko ba kaya ka nag-asawa eh, para may tagalaba ka?
   Pare 2: Malas nga, pare. Iyon kasing napangasawa ko, kaya rin pala nag-asawa ay para mayroon siyang tagalaba.

Naaliw ka ba o nainsulto sa biro? Ano ang kaugnayan ng pag-aasawa sa tagalaba? Sang-ayon ka ba sa pahayag na kaya nag-aasawa ang isang tao ay para mayroon siyang tagalaba? Matanggap kaya ito ng nakararami? Isipin mo kung bakit natatanggap. Bakit hindi?

3. Pulis: Aha, arestado ka.
   Driver: Bakit po, ano po ang violation ko?
   Pulis: Gumamit ka ng *sirena*.
   Driver: Sori po. Ang akala ko po ako si *Marina*.
   Pulis: Puwes, hindi mo 'ko nakikilala? Ako si *Dugong*.

Para maunawaan mo ang birong ito, dapat pag-ugnayin mo ang tatlong salitang nakahilig. Kung familyar ka sa telenovela na *Marina* ay masasagot mo ito. Nakuha mo ba ang ibig ipakahulugan sa biro? Si Marina, na nagiging sirena, at si Dugong ay mga pangunahing tauhan sa isang telenovela.

B. Sa mga patlang ay sumulat ka ng isang biro na maaaring nabasa, narinig o naikuwento mo. Ipakita mo ito sa iyong guro at obserbahan ang naging reaksyon niya pagkabasa nito.

_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________

## Sub-Aralin 2:

## Ano ang Anekdota?

Kumusta ang pag-aaral mo sa unang sub-aralin, kaibigan? Naaliw ka ba sa iba't ibang birong nabasa mo? Nakalikha ka ba ng sarili mong mga biro? Kung OO ang sagot mo, sa palagay mo ba'y handa ka ng pag-aralan ang pangalawang aralin, ang anekdota? Mangyari, gaya nang nasabi ko na sa unang sub-aralin, parehong di-seryoso ang biro at ang anekdota. Ngunit mas magugustuhan mong basahin ang aralin sa anekdota dahil buo ang kuwento rito. Ito'y kumpleto sa mga elemento ng maikling kuwento: tauhan, tagpuan, banghay, tunggalian, at kasukdulan na sinusundan agad ng wakas.

Handa ka na bang magpatuloy, kaibigan?

**Layunin**


Sa pag-aaral mo ng pangalawang Sub-Aralin ay nakatitiyak akong matutugunan mo ang mga sumusunod na layunin:

1. nakikilala ang kahulugan at mga katangian ng anekdota
2. naipaghahambing ang anekdota sa ibang anyo ng panitikan
3. nakikilala ang mga elemento ng anekdota
4. natutukoy sa anekdota ang bahaging nakaaaliw


**Alamin**

Bago ka magkaroon ng informasyon ukol sa anekdota ay kilalanin mo muna ang mga tao, bagay, lugar o pangyayari na nakalarawan. Sa ibaba ay may talaan ng mga salitang mag-uugnay sa mga taong nabanggit. Matukoy mo kaya?

1



2





3




4




5



6




7




8




| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Ferdinand Marcos | Gloria Macapagal-Arroyo | | Joseph Ejercito Estrada | |
| Andres Bonifacio | Ryan Cayabyab | Manny Pacquiao | Jose Rizal | Imelda Marcos |


Naiugnay mo ba ang mga taong nakalarawan sa mga lugar, bagay o pangyayaring nakatala sa kahon?   Ano ang kaugnayan ng mga ito?

Mahalaga sa pag-aaral mo ng anekdota na maiugnay ang mga pangyayari sa buhay ng mga kilalang tao.  Hindi kaila sa iyo na sa ating kasaysayan,  ang Batas Militar ay  ikinakapit kay Pangulong Ferdinand Marcos; ang pagluklok ni Gloria Macapagal- Arroyo bilang pangulo ng Pilipinas ay nangyari dahil sa pagpapatalsik sa dating Pangulong Joseph Ejercito Estrada; at ang CCP complex ay proyekto ng dating Unang Ginang Imelda R. Marcos.   Alam mo na marahil na ang nobelang *Noli Me Tangere* ay sinulat ni Jose Rizal at ang KKK ay itinatag ni Andres Bonifacio.  Sa larangan ng musika, sino ang hindi nakakikilala kay Ryan Cayabyab bilang  kompositor,  at kay Manny Pacquiao bilang  world boxing champion, sa larangan ng isports.

Silang lahat ay ilan lamang sa mga kilalang taong  mapagkukunan ng informasyon para sa isang anekdota.

Samantala,  naritong muli ang kanilang mga larawan.  Sino sa kanila ang nasubaybayan mo ang buhay dahil hinangaan mo ang kanilang nagawa sa bayan?  May katawa-tawang pangyayari ka bang natuklasan sa kanila?   Pag-isipan mo.

1



Jose Rizal

2



Imelda R. Marcos

3



Corazon Aquino

4



Madonna

5



Ferdinand Marcos

6



Andres Bonifacio

7 

Manny Pacquiao

8 

Gloria Macapagal-Arroyo

**Linangin**

Alam mo ba, kaibigan kung ano ang anekdota? Nakabasa ka na ba nito? Kung ang sagot mo ay OO, naaliw ka ba? Napaghambing mo ba ang pagkakatulad at pagkakaiba nito sa ibang akdang panliterari?

Bago ka magkaroon ng malawak na kaalaman ukol sa anekdota ay balik-aralan mo muna ang iba't ibang anyo ng akdang panliterari na bukod sa tuluyan ay maihahanay sa maiikling kuwento. Sa ganitong paraan ay mapaghahambing mo ang anekdota sa mga ito. Basahin mo ang sumusunod:

> Ang alamat ay ang salaysaying nauukol sa pinagmulan ng tao, bagay o lugar. Karaniwang hubad sa katotohanan ang kuwentong ito dahil ito'y likhang-isip lamang ng ating mga ninuno sa pagtatangka nilang ipaliwanag ang pinanggalingan ng mga bagay-bagay sa paligid at bunga ng kawalan ng mga kaisipang napaghahanguan ng mga tumpak na paliwanag tulad ng agham at Bibliya. Halimbawa, "Ang Pinagmulan ng Sansinukob," "Ang Pinagmulan ng Araw at Buwan," atb.

May nabasa ka na ba o narinig na *alamat*? Isulat mo sa patlang ang pamagat nito. _______________________________.

Tulad ng *alamat,* ang *kuwentong bayan* ay nagpasalin-salin sa bibig ng mga tao. Ito'y nauukol sa pakiikipagsapalaran, pag-iibigan, katatakutan, katatawanan, atb. Ang mga pangyayari sa buhay nina Juan Tamad, Juan Pusong, Mariang Makiling, atb. ay ilan lamang sa mga halimbawa ng uring ito.

Siguro ay marami ka na ring nabasa o narinig na *kuwentong-bayan*. Kung may kasabay kang mag-aaral ng modyul na ito, ibahagi mo ang isa.

Narinig mo na ba ang nakatutuwang kuwento ng matsing at pagong? Halimbawa ito ng tinatawag na *pabula*. Ang *pabula* ay kuwento tungkol sa hayop. Ang mga nagsasalita at kumikilos sa kuwento ay mga hayop. Ito'y nagbibigay-aral.

Ano naman ang tawag sa mga kuwentong nagmula sa Bibliya o Banal na Kasulatan? Ang ilang halimbawa nito ay ang "Ang Mabuting Samaritano," "Ang Alibughang Anak," atb. *Parabula* ang tawag dito.

Ngayon, handa ka nang iugnay ang mga ito sa ating aralin, ang *anekdota*.

A. Ano ang **anekdota**?

Ang **anekdota** ay kuwentong naglalarawan ng isang kilalang tao.

Basahin mo ang halimbawang ito:

Ang Bayaning Kasambahay
(Anekdota ni Apolinario Mabini)

Pinag-uusapan sa Pilipinas ang kapakanan at benipisyong dapat maipagkaloob sa mga katulong o kasambahay. Katunayan, may batas na para sila mapangalagaan at magamit ang kanilang mga karapatan.

Alam mo bang si Apolinario Mabini, ang binansagang *Dakilang Lumpo* at *Utak ng Himagsikan* ay pumasok na katulong para lamang makapag-aral?

Isang katawa-tawang pangyayari ang hindi malilimutan ni Pule (palayaw ni mabini) noong siya'y namasukang katulong sa isang mayamang familya.

Isang umaga, habang abala sa paglilinis ng bahay si Pule ay nakakita siya ng limang barya na nakakalat sa ilalim ng mesa. Kinuha niya ang mga iyon at ipinagtanong sa mga anak ng kanyang pinaglilingkuran kung sino ang nagmamay-ari.

"Sa akin iyan," sabi ng panganay. "Kumonti kasi ang mga barya ko sa ibabaw ng aking mesa."

"Aba, sa akin iyan. Hindi ko matandaan kung saan ko ibinaba ang sukli sa tinapay na binili ko kanina," sabi naman ng nag-iisang anak na lalaki.

"Nagkakamali kayo," sabi ng bunso. "Sa akin ang mga baryang iyan. Sobra iyan sa mga baryang ibinigay sa akin ni Ama."

"Hindi ko malaman kung sino talaga sa inyo ang nagmamay-ari ng mga baryang ito. Mas makabubuti kung ibabalik ko na lang sa dating kinalalagyan nito," sabi ni Pule.

Hindi nakakibo ang magkakapatid habang ibinabalik ni Pule ang mga barya sa ilalim ng mesa.

B. Katangian ng **anekdota**

Ano napansin mo sa anekdotang iyong binasa? Tama, maikli. Bukod dito, kawili-wili at nakalilibang, di ba?

Ang **anekdota** ay pangyayaring maikli, kawili-wili at nakalilibang. Ito'y bahagi ng talambuhay at bilang isang akdang pampanitikan, ito'y mayaman sa guni-guini. Ito'y maaaring totoo o kaya'y bunga ng isip na nagwawakas sa isang katawa-tawang pangyayari. Ito'y nagbibigay-buhay sa matamlay na usapan ng mga tauhan ng kuwento.

C. Elemento ng **anekdota**

May mga elemento ang **anekdota** na kailangan mong malaman. Ang **anekdota** ay binubuo ng mga sumusunod na elemento:

1. Tauhan - Sa anekdota, kailangang ang pangunahing tauhan ay isang kilalang tao. Siya'y maaaring bayani o isang pangkaraniwang taong nakagawa ng di-inaasahang gawain na nagbigay-pangalan sa kanya.

2. Tagpuan - Simple at kalimitan ay nagaganap lamang sa isang lugar ang tagpuan sa anekdota.

3. Suliranin - Ang pangunahing tauhan ang madalas na magkaroon ng suliranin sa kuwento. Bago magwakas ang isang akda ay kinakailangang nalutas na ang suliranin.

4. Banghay - Ang banghay sa anekdota ay malinaw at maikli. Bukod dito, ang pinakasentro sa pangyayari ay ang nakaaaliw na bahagi na nakapagbibigay-aliw sa mga mambabasa o tagapakinig. Sa banghay matatagpuan ang panimula, nilalaman, at wakas ng isang anekdota.

5. Tunggalian - Ang anekdota ay nagtataglay ng tunggalian ng tauhan laban sa kanyang sarili, sa kanyang kapwa at sa kanyang paligid. Ito'y nakapaloob sa banghay.

6. Kasukdulan - Ang kapana-panabik na bahagi sa anekdota ay ang kasukdulan. Kadalasan, sa bahaging ito pa lamang ay natutukoy na ng mga mambabasa ang magiging wakas ng kuwento. Ito'y nakapaloob din sa banghay.

7. Wakas - Sa bahaging ito ay nailalahad ang solusyon sa problema ng pangunahing tauhan. Katulad ng pabula, may aral sa anekdota na sa wakas lamang ng kuwento nailalantad.

Narito ang isang halimbawa ng **anekdota**. Suriin mo ang mga elementong taglay nito.

Ang Press at ang Priest
(Anekdota ni Manuel L. Quezon)

Bilang Pangulo, hindi maiiwasan ni Pangulong Quezon ang makipag-usap sa mga mamamahayag na noon ay tinatawag niyang Press. Araw-araw ay mahigit sa limampung peryodista ang nagtatanong o kumakapanayam sa kanya.



Kinagigiliwan ng *press* si Pangulong Quezon dahil sa kanyang mabilis na pagsagot sa mga tanong tungkol sa mga isyung madalas maging paksa ng pang-umagang pahayagan. Ngunit may mga pagkakataong hindi makalapit sa kanya ang *press* lalo't mainit ang kanyang ulo dahil sa pambabatikos ng mga kalaban niya sa politika.

Isang araw, pagpasok ni Pangulong Quezon sa kanyang tanggapan ay halos magmura siya sa galit dahil sa dami ng papeles na nasa ibabaw ng kanyang mesa. Ipinatawag niya ang kanyang sekretarya.

“Bakit dumami na naman ang papeles sa mesa? Hindi mo pa ba naipamamahagi ang mga ito?” tanong niya sa sekratarya.

“Mga bagong papeles po ang mga iyan na hindi pa ninyo napipirmahan. May inisyal na po ‘yan ng inyong mga kalihim,” sagot ng sekretarya.

Napansin ng sekretarya na hawak ng Pangulong Quezon ang kanyang ulo habang papaupo sa kanyang mesa.

“May dinaramdam po kayo, Pangulo?” tanong ng sekretarya.

“Sino ang hindi magkakasakit kapag nakita ang papeles na ito?” Hindi ko pa nababasa ay sumasakit na ulo ko. Pakitawag mo ang aking nurse,” utos ng Pangulo. “At huwag ka munang magpapapasok ng *press* sa araw na ito. Ibig kong makapagpahinga.”

"Tumawag po si Father. Natanggap po niya ang inyong pasabi. Parating na po siya," sabi ng sekretarya.



"Sige, papasukin mo siya oras na dumating," utos ng Pangulo.

Pagkadating ng nurse ay sinuri niya agad ang Pangulo.

"Kailangan po ninyo ang makapagpahinga," sabi ng nurse.

"Kaya nga ipinagbilin ko sa aking sekretarya na huwag magpapapasok ng *press*," sabi ng Pangulo. "Sige, pupunta lang muna ako sandali sa aking silid para makapagpahinga. Ipatatawag na lang kita kapag hindi pa gumaan ang aking pakiramdam. Huwag kang magpapapasok ng *press*."

Paglabas ng nurse ay siyang pagdating ng pari.
"Saan po kayo pupunta?" tanong ng nurse.
"Ipinatatawag ako ng Pangulo," tugon ng pari.
"Naku, hindi po maaari. Nagpapahinga po siya," sabi ng nurse.

"Ngunit ang bilin ng Pangulo ay makipagkita agad ako sa kanya pagdating ko," sabi ng pari.
"Ngunit ang bilin po niya'y huwag ko kayong papasukin," sabi ng nurse.
"Ano? Huwag akong papasukin?" tanong ng pari.
Upang huwag nang humaba pa ang usapan ay umalis na lang ang pari.

Mayamaya'y isang tawag sa telepono ang tinanggap ng Pangulo. Si Father ang kanyang kausap sa kabilang linya. Nagsumbong ito na ayaw siyang papasukin ng nurse.

Ipinatawag ng Pangulo ang nurse.

"Totoo ba hindi mo pinapasok si Father?" tanong Pangulo.
"Totoo po. Hindi po ba ang bilin ninyo ay huwag akong magpapapasok ng *press*?
Parang ibig lagnatin ng Pangulo sa kanyang narinig.

Natawa ka ba sa anekdotang nabasa mo? Naiugnay mo ba ang salitang *press* sa *priest*? Napuna mo ba na napakahalaga ng tunog ng salita dahil maaaring makapagpabago ito sa kahulugan ng salita?

Balikan mo ang kuwento. Pag-aaralan mo ang mga elementong taglay nito.

Simulan mo sa *panimula*. Paano sinimulan ang kuwento? Napuna mo ba na ipinakilala agad si Pangulong Quezon bilang pangunahing tauhan? Hindi ba't nasabi ko kanina na ang pangunahing tauhan ng anekdota ay isang kilalang tao?

Napansin mo ba na umikot ang kuwento sa isang _tagpuan_ lamang? Hindi ba't ito ang isa sa mga katangian ng anekdota? Ang _tagpuan_ sa kuwentong nabasa mo ay naganap lamang sa tanggapan ng Pangulo.

Pag-usapan natin ang _banghay_ o ang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari sa kuwento. Inilahad agad sa kuwento ang _suliranin_. Naging suliranin ng Pangulong Quezon ang napakaraming papeles sa ibabaw ng kanyang mesa kaya't sumakit ang kanyang ulo. Paano nalutas ang suliraning ito? Hindi ba't ipinatawag ng Pangulong Quezon ang nurse na siyang sumuri sa kanyang karamdaman?

May _tunggalian_ bang naganap sa kuwento? Mayroon. Ito iyong bahaging ipinagbilin ng Pangulong Quezon sa kanyang sekretarya at nurse na huwag magpapapasok ng _press_. Ang _tunggalian_ ay ang bahagi sa kuwento na may paglalabang nagaganap ang tauhan laban sa kanyang sarili, sa kanyang kapwa o sa kanyang kapaligiran. Lutang na lutang ito sa kuwento, di ba?

Naaliw ka ba sa naging _kasukdulan_ ng kuwento? Iyong bahaging naging kapana-panabik habang binabasa mo. Sa kuwento ay iyon ang bahaging pinipigilan ng nurse na makapasok ang pari sa tanggapan ng Pangulong Quezon. Nakaaaliw basahin, di ba?


_Parang ibig lagnatin ng Pangulo sa kanyang narinig_. Ito ang naging wakas ng kuwento. Maikli at payak na pangungusap, di ba? Bukod sa mga katangiang ito ay nalutas ang suliranin sa kuwento. Ganito madalas ang nagiging wakas ng isang anekdota.

**Gamitin**


A. Narito ang ilang larawan ng mga pangyayari sa anekdota ni Ramon Magsaysay na mababasa mo. Pagsunud-sunurin mo ang mga ito sa pamamagitan ng pagsulat ng mga bilang sa dahong sagutan upang mabuo mo ang kuwento. Iwasan mo sanang mabasa ang kuwento nang hindi mo pa napagsusunud-sunod ang mga larawan.



1




2




3




4




5



6



7



8

SUSI SA PAGWAWASTO

1, 3, 2, 5, 7, 4, 6, 8

B. Basahin ang kuwento. Pag-aralan ang mga elementong nakapaloob sa bawat bahagi.

## Ang Kariton ni Ramon

*(Anekdota ni Ramon Magsaysay)*

**Panimula**

Noong Panahon ng Hapon, ang isa sa mga kinilalang matapang na Pilipino ay ang dating pangulo ng Pilipinas, si Ramon Magsaysay. Dahil dito, naglaan ng gantimpalang salapi ang pamahalaang Hapon upang mapadali ang pagkakadakip sa kanya.

Isang umaga, sumakay si Ramon sa kariton na hila ng kalabaw patungo sa kutang kanilang pinagtataguan ng mga gerilya. Tatlong kawal ang kanyang isinama upang maging tagabantay niya.

**Suliranin**

Palibhasa'y masaya, maingay, at umaawit ng makabagong awitin, hindi nila namalayan na sa kanilang likuran ay mayroon palang dumarating na trak na ang nakasakay ay mga kawal Hapones.

**Tunggalian**

Nabigla sila. Madaling nag-utos si Ramon sa kanyang mga kasama.

"Lumukso kayo at magtago sa malagong damuhan," utos ni Ramon.

Sinunod ng tatlong kawal ang ipinag-utos ni Ramon. Lumukso sila at nagtago sa malagong damuhan.

Nagtaka ang tatlong kawal kung bakit nagpaiwan si Ramon. Humiga sa kariton si Ramon at tinakpan ang mukha ng sambalilong buli. Sinundot niya ang puwit ng kalabaw. Ito'y nagtatakbo nang buong bilis.

**Katawa-tawang Bahagi**

Hinabol ng trak ang kariton at ito'y naabutan ng mga kawal Hapones.

"***Carabao afraid***, takot sa ***your*** trak," sabi ni Ramon.

Nagtawanan ang mga kawal Hapon.

"Sige, sige. ***Beat carabao. Go***," utos ng pinuno ng mga kawal Hapones.

Huminga nang malalim si Ramon. Pinatakbo niya ang kariton at lumiko sa pinagkurusan ng daan.

**Aral at Wakas**

Lumabas ang tatlong kawal na kasama ni Ramon. Ang hindi alam ng mga kawal Hapon ay nasa ilalim ng mga dayami ang walong riple na dadalhin nila sa pinagtataguan ng mga gerilya.

Mula noon, hindi nag-ingay o umawit sina Ramon kapag sila'y nasa isang maselang misyon.

Sub-Aralin 3:

# Pagsulat ng Anekdota

Nasiyahan ka ba, kaibigan sa dalawang araling natutuhan mo? Natatandaan mo pa ba kung paano ka pinasaya sa mga birong nabasa mo sa unang aralin at kung paano naragdagan ang kaalaman mo tungkol sa anekdota sa pangalawang aralin?

Dahil marami ka nang alam sa anekdota, sa ikatlo at huling aralin ay magsusulat ka naman ng sarili mong anekdota. Ngunit bago ka magsulat, dapat mong malaman ang paraan ng pagsulat nito. Handa ka na ba?

**Layunin**

Narito ang mga inaasahan sa iyo sa araling ito:

1. nagagamit ang sariling istilo sa pagbubuo ng magandang simula, maayos na pagpapalawak at makabuluhang wakas.
2. nakasusunod sa mga tiyak na pamantayan sa pagsulat batay sa nilalaman at sangkap
3. nalilinang ang pagiging malikhain sa pamamagitan ng pagsulat ng sariling anekdota

**Alamin**

Marami ka na sigurong naisulat, ano? Kasi naman, bata ka pa lamang ay may mga naisulat ka nang sulatin. Ibig kong malaman kung alin sa mga sulatin sa bawat bilang ang higit mong naiibigang sulatin. Lagyan mo ng tsek ( / ) ang iyong sagot. Sulatan mo ang sagutang papel ng 1-10 at dito mo markahan ng tsek.

| | |
|---|---|
| _______ 1. liham pangkaibigan | _______ 6. balita |
| _______ 2. tula | _______ 7. maikling kuwento |
| _______ 3. sanaysay | _______ 8. awit |
| _______ 4. iskrip | _______ 9. talumpati |
| _______ 5. editoryal | ______10. sariling anekdota |

Sa mga napili mo, isulat mo sa dahong sagutan kung bakit ang mga ito ang napili mong sulatin. Simulan mo sa ganito ang iyong pahayag:

*Ibig kong sulatin ang mga iyon sapagkat* _______________________________.

**Linangin**

Ibig mong makasulat ng sarili mong anekdota? Madali lang iyan. Ngunit bago iyon, dapat mo munang malaman ang ilang mahahalagang informasyon kung bakit ka nagsusulat. Handa ka nang malaman?

Ang pagsulat ng sariling anekdota ay parang nakikipag-uusap lamang habang nagbibigay ka ng sarili mong ideya. Ito'y isang pagkokonekta ng sarili mong karanasan sa isipan ng babasa kayat dapat kang magkaroon ng balanseng paglalahad sa pagitan ng iyong mga bagong ideya upang mailapat mo ito sa kabuuang padron ng iyong susulatin.

Narito ang ilang tip para ka makasulat ng sarili mong anekdota:

1. *Isiping ang pagsusulat ay isang libangan*. Sa dami ng pinagkakaabalahan mo ay mabibigyan mo ng kaunting oras ang pagsusulat para maipahayag mo ang iyong iniisip at nadarama.

2. *Pumili ng mga nakatatawang pangyayari sa buhay*. Mula rito ay umisip ka ng isang pangyayari na sa palagay mo ay madali mong sulatin. Maaaring ang pangyayari ay naganap noong bata ka pa o ngayong malaki ka na. Tiyakin lamang na ito'y nakatutuwa o nakaaaliw.

3. *Gumawa ng balangkas*. Sa isang baguhang manunulat ay mahalaga ang paghahanda ng balangkas. Itala mo sa isang malinis na papel ang mga pangyayari at pagsunud-sunurin mo mula sa simula hanggang sa wakas ng ikukuwento mo. Ito ang magiging gabay mo sa pagsulat. Pumili ka ng uri ng balangkas na gagamitin mo. Napag-aralan mo na ito sa unang modyul, di ba?

4. *Simulan sa isang makatawag-pansing panimula*. Ang panimula ay maaaring patanong, pagsipi sa isang pahayag o panggulat na pangungusap. Halimbawa:

   Naranasan mo na bang sumakay sa kalabaw? Anong nadama mo noong habang sumasakay ka ay urung-sulong ang kalabaw? Hindi ka ba natakot? (patanong)

   Anang kasabihan, "Sabihin mo sa akin ang mga kaibigan mo at sasabihin ko sa iyo kung sino ka." (pagsipi ng pahayag)

   "Sunog! Sunog! Tulungan ninyo ako!" (panggulat na pangungusap)

5. *Ipahayag ang suliranin sa pangalawang talata*. Bagamat maikli ang pangalawang talata, ito'y dapat maglaman ng suliranin sa kuwento. Isipin mo na kung walang suliranin ay hindi mabubuo ang kuwento dahil dito iikot ang kabuuan ng kuwento. Banggitin mo na rin dito ang tagpuan o ang lugar na pinangyarihan ng kuwento.

6. *Ilahad sa nilalaman ang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari*. Sa bahaging ito nakapaloob ang tunggalian, katawa-tawang pangyayari, at kasukdulan.

7. *Wakasan ang kuwento sa maikling paraan*. Maaaring ipaloob sa wakas ng kuwento ang aral na nais mong ipahatid sa mambabasa.

8. *Pumili ng pamagat na angkop sa kuwento*. Isusulat mo ang pamagat kapag natapos mo nang sulatin ang kuwento. Pumili ng pamagat na maikli at makatawag-pansin. Ito'y dapat na may kaugnayan sa pangyayari sa kuwentong iyong inilahad.

Naging malinaw ba sa iyo ang mga gabay na nabanggit? Kung OO ang sagot mo, magsimula ka nang magsulat.

**Gamitin**

A. Basahin mo ang mga sumusunod na pamagat at pumili ng isang aangkop sa sariling anekdota na isusulat mo. Isulat ito sa jornal.

1. Buhay-Teen-ager
2. Ang Nag-iisang Ako
3. Bunga ng Kamusmusan
4. Nagkamali Ako!
5. Huwag Mo Akong Hatulan
6. Katotohanan o Guniguni?
7. Masarap na Mapait ang Buhay
8. Bakit Ako Mahihiya?
9. Tao lang Ako
10. Eh Kasi, Bata
11. Masarap Palang Mabuhay
12. Hindi Ko na Uulitin
13. Sige na Nga!
14. Ako sa Nagbabagong Mundo
15. Wala Akong Pinagsisisihan

B. Tanungin mo ang isa mong kaibigan tungkol sa nakatatawang pangyayaring naganap sa kanyang buhay. Isulat mo ang kanyang anekdota.

Ipabasa mo sa iyong guro ang iyong isinulat para malaman kung nakasunod ka sa pamantayan.

**Lagumin**

Marami ka bang natutuhan sa pangalawang aralin, kaibigan? Kung **OO** ang sagot mo, binabati kita.

Ngunit bago kita bigyan ng mga gawaing pasulat, sariwain mo ang mga kaalamang natutuhan mo sa araling ito. Handa ka na ba, kaibigan?

1. Ang anekdota ay kuwentong naglalarawan ng isang kilalang tao.
2. Ang mga pangyayari sa anekdota ay maikli, kawili-wili at nakalilibang.
3. Ang anekdota ay maaaring totoo o kaya'y bungang isip lamang.
4. Ang di pagkaseryoso ng pangyayari ay isang katangian ng anekdota.
5. Ang anekdota ay nagbibigay-buhay sa matamlay na usapan ng mga tauhan.
6. Nagwawakas sa katawa-tawang pangyayari ang anekdota
7. Maaaring ang anekdota ay bahagi ng talambuhay.
8. Ang anekdota ay nagbibigay-aral gaya ng pabula.
9. Dapat isalaysay ang anekdota sa maikling paraan.
10. Dapat iwasan ang maligoy at mabulaklak na salita sa pagsasalaysay ng anekdota.

**Subukin**

Panuto: Basahin ang pangungusap sa bawat bilang. Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Sa anekdota, ang pangunahing tauhan ay isang ______
   A. maysakit C. kilala
   B. may kapansanan D. banyaga

2. Kadalasang ang may suliranin sa anekdota ay ang ______________.
   A. pangunahing tauhan C. kaaway ng pangunahing tauhan
   B. pangalawang tauhan D. kasama ng pangunahing tauhan

3. Ang anekdota ay maikli, kawili-wili at ______________.
   A. nakaaantok C. nakagaganyak
   B. nakalilibang D. kapansin-pansin

4. Ang anekdota ay maaaring totoo o ____________.
   A. syentifiko C. political
   B. di-makatotohanan D. bungang-isip

5. Ang mga pangyayari sa anekdota ay kalimitang ___________.
   A. katawa-tawa C. kahindik-hindik
   B. kalunus-lunos D. kalungkot-lungkot

6. Sa pagsasalaysay ng anekdota, ito'y hindi dapat maging __________.
   A. maikli C. malinaw
   B. malalim D. maligoy

7. Ang simula, nilalaman at wakas ng anekdota ay matutunghayan sa _________.
   A. banghay C. tunggalian
   B. kasukdulan D. suliranin

8. Ang kapana-panabik na bahagi ng isang anekdota ay mababasa sa ________.
   A. sulirain   C. tunggalian
   B. tagpuan   D. kasukdulan
9. Ang wakas ng isang anekdota ay nagbibigay ng aral tulad ng ________.
   A. pabula   C. mitolohiya
   B. parabula   D. alamat

10. Ang anekdota ay bahagi ng isang ___________.
   A. talambuhay   C. nobela
   B. alamat   D. mitolohiya

11. Sa pagsulat ng anekdota, isiping ito ay isang ____________.
   A. hanap-buhay   C. libangan
   B. gawain   D. kompetisyon

12. Sa simula pa lamang ng kuwento ay dapat nang nakapaloob ang _________.
   A. tunggalian   C. suliranin
   B. kasukdulan   D. aral

13. Sa baguhang manunulat, mahalaga ang paghahanda ng ________.
   A. burador   C. konseptong papel
   B. balangkas   D. banghay

14. Ang suliranin, tunggalian at kasukdulan ng kuwento ay nakapaloob sa ____________.
   A. panimula   C. nilalaman
   B. pangalawang talata   D. wakas

15. Ang pamagat ay isinusulat nang ______.
   A. una   C. pangatlo
   B. pangalawa   D. huli

**Paunlarin**

Gusto mo pang makabasa ng isang anekdota, kaibigan? Ano kaya't ang ipabasa ko sa iyo ay isang anekdota ng isa ring naging pangulo ng Pilipinas? Maaliw ka kaya kapag ang nabasa mo ay ang anekdota sa buhay ni dating Pangulong Fidel V. Ramos?

Magsimula ka nang magbasa. At habang nagbabasa ka, tuklasin mo ang mga sumusunod:

A. pangunahing tauhan   E. tunggalian
B. tagpuan   F. kasukdulan
C. suliranin   G. tunggalian
D. panimula   H. wakas



**Ang Matandaing Pangulo**

*(Anekdota ni Pangulong Fidel V. Ramos)*

Ang isang magandang katangian ni dating Pangulong Fidel V. Ramos ay ang kanyang pagiging matandain. Noong siya'y pangulo pa ng ating bansa, sa gulang na 60 ay maraming nagtataka kung saan siya kumukuha ng talino upang maging matandain.

Isang araw, naanyayahan ang Pangulong Ramos na magsalita sa harap ng napakaraming tao sa Quirino Grandstand, na tinatawag ngayong Freedom Grandstand.

Bago magsalita si Pangulong Ramos ay iniabot niya ang ilang papeles sa isa niyang kawani.

"Hawakan mo ito at pag-aralan. Ibalik mo sa akin pagkatapos mong magawan ng assessment report," utos ni Pangulong Ramos sa kawani.

Dahil sa dami ng mga gawain, nalimutan ng kawani ang ipinagagawa sa kanya ng pangulo.

Pagkaraan ng ilang buwan, ipinatawag ni Pangulong Ramos ang kawani.

"Natatandaan mo ba noong bago ako magsalita sa Quirino Grandstand, may inabot akong mga papeles sa iyo. Sinabi ko sa iyong gawan mo iyon ng assessment report. Kung hindi ako nagkakamali, siyam na buwan na ngayon ang nakararaan," ang pagunita ni Pangulong Ramos sa kawani.

Napahiya ang kawani. Hindi niya akalaing sa mahabang panahong nagdaan ay naalala pa ni Pangulong Ramos ang pangyayaring iyon.

"Dinaramdam ko po. Labis po akong napahiya sapagkat akong bata ang nakalimot," sagot ng kawani.

SUSI SA PAGWAWASTO

***Subukin***

1. C  2. A  3. A  4. D  5. A  6. A
7.A  8. D  9. A  10. A  11. C  12. C
13. B  14. C  15. D

## *Gaano ka na kahusay?*

A. Tapusin ang pangungusap sa bawat bilang sa pamamagitan ng pagsulat sa titik ng salitang bubuo sa pangungusap sa sagutang papel.

1. Ang pagpapalitan ng mga pahayag sa masayang paraan na kasingkahulugan ng panunudyo ay ang ______________.
   A. pamimintas. C. pagbibiro.
   B. pamumuna. D. pagtuligsa.

2. Ang uri ng birong dapat iwasan ay ang birong ____________.
   A. nakakatakot. C. nagpapalalim ng kaisipan.
   B. nagkakatotoo. D. maaanghang.

3. May batas na ngayong nagpaparusa sa pagbibiro at pananakit ng damdamin sa mga taong may ____________.
   A. sakit. C. kapansanan.
   B. problema D. katungkulan sa pamahalaan.

4. Ang anekdota ay kuwentong naglalarawan sa isang taong _________.
   A. nakatapos ng pag-aaral. C. nasa pamahalaan.
   B. kilala. D. nakapaglakbay.

5. Ang mga pangyayari sa anekdota ay maikli, kawili-wili at __________.
   A. nakalilibang. C. nakalalakas ng loob.
   B. nakaiinip. D. nakapananabik.

6. Ang anekdota ay bahagi ng ____________.
   A. alamat. C. epiko.
   B.kuwentong bayan. D. talambuhay.

7. Tulad ng pabula, ang wakas ng anekdota ay ____________.
   A. nag-iiwan ng kakintalan o impresyon.
   B. nagwawagi ang pangunahing tauhan.
   C. nalulutas ang problema ng pangunahing tauhan.
   D. nag-iiwan ng aral.

8. Mayaman sa guniguni ang anekdota bilang isang akdang ___________.
   A. panteknikal. C. pampanitikan.
   B. pansyentifiko. D. pansosyo-politikal.

9. Ang anekdota ay nagbibigay-buhay sa matamlay na ____________.
   A. paksa. C. aksyon ng mga tauhan.
   B. pangyayari. D. usapan ng mga tauhan.

10. Kailangang maisalaysay o maisulat ang anekdota sa paraang ____________.

A. maikli.
C. mabulaklak ang mga pahayag.
B. maligoy.
D. limitado ang talasalitaan.

E. Basahin ang anekdota. Sagutin ang mga tanong sa pamamagitan ng pagsulat ng titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

ANG TSINELAS NI PEPE
(Anekdota ni Jose Rizal)

Isang araw, sumama si Pepe sa kanyang ama sa pamamangka sa ilog. Gustung-gusto ni Pepe ang pamamangka dahil bukod sa nalilibang siya ay nagugustuhan niyang pagmasdan ang mga nagtataasang mga puno at naggagandahang mga halaman at bulaklak. Nagugustuhan din niyang pagmasdan ang napakalinis at napakalinaw na ilog. Kaya't habang nagsasagwan ang kanyang ama ay abala naman siya sa katitingin sa ilog. Ginagawa niya itong salamin upang makita ang kanyang mukha. Iba't ibang ayos ang ginagawa niya sa kanyang mukha. Minsa'y idinidilat niya ang kanyang mga mata o di kaya naman kaya ay pinalalaki niya ang kanyang bibig. Gustung-gusto rin niyang nakikita ang iba't ibang ibon na nagpapahinga sa kanilang mga pugad. Napapalakpak siya sa tuwing siya'y makakakita ng mga ibong sabay-sabay na lumilipad.

Sa bandang likuran ng bangka laging umuupo si Pepe. Nakataas ang kanyang mga paa sa malapad na kahoy na inuupan ng kanyang ama.

Ang paghanga ni Pepe sa sama-samang paglipad ng mga ibon ay kanyang pinapalakpakan.

"Yehey! Ang ganda! Sabay-sabay sila sa paglipad!" sabi ni Pepe habang siya'y walang tigil sa pagpalakpak.

"Pepe, huwag kang malikot. Baka lumubog ang bangka," paalala ng kanyang ama.

"Dinaramdam ko po, Ama. Labis po kasi akong nagandahan sa nakita ko," sabi ni Pepe.

Muli na namang nakakita si Pepe ng mga ibong sabay-sabay na limilipad. Hindi niya napigilan ang pagpalakpak. Kasabay ng kanyang pagpalakpak ay napakislot ang kanyang kanang paa. Hindi niya inaasahang mahuhulog ang isa niyang tsinelas.

"Ama, nahulog po ang aking isang tsinelas," sabi ni Pepe.

"Huwag kang mag-alala. Ibabalik ko ang bangka para kunin ang tsinelas mo," sabi ng kanyang ama.

Sa halip na sumang-ayon ay itinapon ni Pepe ang kabyak ng tsinelas.

"O, bakit mo itinapon ang kabyak ng tsinelas?" tanong ng kanyang ama.

"Para po pakinabangan ng makakakuha. Hindi po kasi niya magagamit ang isang tsinelas lamang," sagot ni Pepe.

Natawa ang ama ni Pepe. Ipinagpatuloy niya ang pagsagwan habang tuwang-tuwang pinapanood ni Pepe ang nagliliparang mga ibon.

1. Sinong Pepe ang tinutukoy sa anekdota?
   A. Jose Rizal
   B. Jose Corazon de Jesus
   C. Jose Burgos
   D. Jose dela Cruz

2. Kanino sumama si Pepe?
   A. Sa kanyang ama.
   B. Sa kanyang kapatid.
   C. Sa kanyang guro.
   D. Sa kanyang kaibigan.

3. Saan naganap ang kuwento?
   A. Sa parke.
   B. Sa pamilihan.
   C. Sa bakuran.
   D. Sa ilog.

4. Paano nagsimula ang kuwento?
   A. Sumama si Pepe sa kanyang ama na mamangka sa ilog.
   B. Nakataas ang mga paa ni Pepe sa kahoy na upuan ng kanyang ama.
   C. Gustung-gustong pagmasdan ni Pepe ang lumilipad na mga ibon.
   D. Habang nagsasagwan ang ama ni Pepe ay abala naman siya sa katitingin sa ilog.

5. Ano ang suliranin sa kuwento?
   A. Ang paglipad ng mga ibon.
   B. Ang pagsakay sa bangka.
   C. Ang paghulog ng tsinelas sa ilog.
   D. Ang pagsagwan sa ilog.

6. Ano ang kapana-panabik na bahagi ng kuwento?
   A. Lumipad nang sabay-sabay ang mga ibon.
   B. Nahulog ang isang tsinelas ni Pepe.
   C. Itinapon ni Pepe ang kabyak ng tsinelas.
   D. Kukunin ng ama ni Pepe ang tsinelas.

7. Aling bahagi ng kuwento ang maaaring pagtalunan?
   A. Kung isasama si Pepe ng kanyang ama sa pamamangka.
   B. Kung sabay-sabay na lilipad ang mga ibon.
   C. Kung magiging mabulaklak ang mga halaman.
   D. Kung itatapon ni Pepe ang kabyak ng tsinelas.

8. Aling bahagi ng kuwento ang kapupulutan ng aral?
   A. Ang pagtulong sa taong nangangailangan.
   B. Ang pagpapanatiling malinis ng ilog.
   C. Ang pagtanggap sa kamalian.
   D. Ang pagiging mapagkumbaba.

9. Ano ang naging wakas ng kuwento?
   A. Hinangaan si Pepe ng kanyang ama.
   B. Nagtampo kay Pepe ang kanyang ama.
   C. Lumubog ang bangka.
   D. Hindi na makalipad ang mga ibon.

10. Alin sa mga katangian ng anekdota ang taglay ng kuwento?
   A. Maikli.
   B. Kawili-wili.
   C. May aral.
   D. Lahat ng sagot.

C. Tapusin ang pangungusap sa bawat bilang sa pamamagitan ng pagsulat ng titik ng salitang bubuo sa pangungusap.

1. Sa pagsulat ng anekdota, ang unang dapat pagtuunan ng pansin ng manunulat ay ang pagpili sa taong ___________.
   A. may kapansanan. C. nasa hustong edad.
   B. kilala. D. kabilang sa mataas na lipunan.

2. Makakakuha ng informasyon ang manunulat sa buhay ng taong susulatin sa tulong ng _____________.
   A. alamat. C. pabula.
   B. kuwentong-bayan. D. talambuhay.

3. Ang paksa ng susulating anekdota ay dapat nakafocus sa __________.
   A. katawa-tawang pangyayari. C. suliranin ng pangunahing tauhan.
   B. makatawag-pansing simula. D. malungkot na wakas.

4. Kung susulatin ang panimula ng anekdota, ito'y dapat na ___________.
   A. maikli. C. pasalaysay.
   B. patanong. D. nasa unang panauhan.

5. Sa panimulang talata pa lamang ay dapat nang ipinakikilala ang ____________.
   A. pangunahing tauhan. C. aral.
   B. katulong na tauhan. D. suliranin.

6. Ang simula ng banghay ay kadalasang isinusulat sa _____________.

A. unang talata.
B. pangalawang talata.
C. pangatlong talata.
D. huling talata.

7. Ang tunggalian ay isinusulat sa pagitan ng suliranin at _________.
   A. simula ng banghay.
   B. kasukdulan.
   C. katawa-tawang bahagi.
   D. wakas.

8. Ang kasukdulan ay isinusulat bago isulat ang _________.
   A. tunggalian.
   B. katawa-tawang bahagi.
   C. aral.
   D. wakas.

9. Ang wakas ng anekdota ay isinusulat pagkatapos mailahad ang ______.
   A. solusyon sa problema.
   B. tunggalian.
   C. kasukdulan.
   D. aral.

10. Sa pagsulat ng sariling anekdota, dapat itong maglantad ng _________.
   A. kalakasan.
   C. kahinaan .
   C. katotohanan.
   D. kapalaran.



Susi sa Pagwawasto

Modyul 16
Pagsulat ng Anekdota

SUSI SA PAGWAWASTO

Sub-Aralin 1

| A. | B. | C. |
| --- | --- | --- |
| 1. / | 1. Arimoto? | 1. Corny |
| 2. / | 2. Sayobato? | 2. minamani |
| 3. / | 3. Otomoto? | 3. baboy |
| 4. / | 4. Otokoto? | 4. butter |
| 5. / | 5. Mimutamatamo. | |

Sub-Aralin 2

1, 3, 2, 5, 7, 4, 6, 8

Sub-Aralin 3

| | | | | | |
| --- | --- | --- | --- | --- | --- |
| 2. C | 2. A | 3. A | 4. D | 5. A | 6. A |
| 8. A | 8. D | 9. A | 10. A | 11. C | 12. C |
| 13. B | 14. C | 15. D | | | |